



Office of the Student Council

IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS
BUWAN NG WIKA: WIKA SA BAWAT LIKHA
August 27-31, 2026
Academic Year 2026-2027
I. Mga Pangkalahatang Tuntunin
• Ang lahat ng akademikong organisasyon ay kinakailangang makilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika: Wika sa Bawat Likha. • Ang gawain ay ibabatay sa tema ng Buwan ng Wika 2026, "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon." • Ang bawat kalahok na organisasyon ay kinakailangang magpadala ng hindi bababa sa dalawang (2) kinatawang mag-aaral sa bawat kategorya ng paligsahan. • Ang lahat ng lahok ay kinakailangang orihinal at sariling likha ng kalahok. • Ang mga plagiarized, dati nang nailathala, o dati nang naisumite na mga akda ay awtomatikong hindi tatanggapin. • Inaasahang susunod ang lahat ng kalahok sa wastong asal, mga tuntunin ng paligsahan, at paninindigan sa integridad akademiko.
II. Mga Kategorya ng Paligsahan
A. PAGSULAT NG SANAYSAY • Ang bawat kalahok na organisasyon ay kinakailangang magpadala ng hindi bababa sa dalawang (2) kinatawan. • Ang sanaysay ay kinakailangang nakasulat sa wikang Filipino at may kaugnayan sa opisyal na tema ng Buwan ng Wika 2026. • Ang sanaysay ay kinakailangang may minimum na 500 salita at maximum na 800 salita. • Ang lahok ay kinakailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisusumite sa ibang paligsahan. • Ang lahat ng lahok ay dapat isumite sa itinakdang Google Forms link hanggang Agosto 31, 2026, ganap na ika-11:00 ng gabi.
B. PAGSULAT NG TULA • Ang bawat kalahok na organisasyon ay kinakailangang magpadala ng hindi bababa sa dalawang (2) kinatawan. • Ang tula ay kinakailangang nakasulat sa wikang Filipino at may kaugnayan sa opisyal na tema ng Buwan ng Wika 2026. • Ang tula ay kinakailangang binubuo ng hindi bababa sa tatlong (3) saknong at hindi hihigit sa limang (5) saknong. • Maaaring gumamit ng anumang angkop na anyo o estilo ng pagtula.



- Ang lahok ay kinakailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisusumite sa ibang paligsahan.
- Ang lahat ng lahok ay dapat isumite sa itinakdang Google Forms link hanggang Agosto 31, 2026, ganap na ika-11:00 ng gabi.

C. PAGSASALAYSAY NG KWENTO

- Ang bawat kalahok na organisasyon ay kinakailangang magpadala ng hindi bababa sa dalawang (2) kinatawan.
- Ang kwento ay kinakailangang isalaysay sa wikang Filipino at may kaugnayan sa opisyal na tema ng Buwan ng Wika 2026.
- Ang pagtatanghal ng pagsasalaysay ay kinakailangang may minimum na limang (5) minuto at maximum na pitong (7) minuto.
- Maaaring sariling likha ang kwento o hango sa kwentong-bayan, kultura, o panitikang Pilipino, ngunit kinakailangang kilalanin ang pinagmulan kung naaangkop.
- Ang kinakailangang lahok o materyal ay dapat isumite sa itinakdang Google Forms link hanggang Agosto 31, 2026, ganap na ika-11:00 ng gabi.

III. Criteria of Judging

A. PAGSULAT NG SANAYSAY

Kaugnayan sa Tema	30%
Nilalaman at Organisasyon	25%
Pagkamalikhain at Orihinalidad	20%
Wastong Paggamit ng Wika at Gramatika	15%
Kabuuang Bisa	10%
KABUUAN	100%

B. PAGSULAT NG TULA

Kaugnayan sa Tema	30%
Pagkamalikhain at Orihinalidad	25%
Paggamit ng Wika at Tayutay	25%
Kaayusan at Pagkakaugnay-ugnay	10%
Kabuuang Bisa	10%
KABUUAN	100%

C. PAGSASALAYSAY NG KWENTO

Kaugnayan sa Tema	25%
Nilalaman at Pagkamalikhain ng Kuwento	25%
Pagbigkas at Lakas ng Tinig	20%
Pagpapahayag at Presensiya sa Entablado	20%
Kabuuang Bisa	10%
KABUUAN	100%



IV. Pagsusumite ng Mga Lahok

- Ang lahat ng lahok ay dapat isumite sa opisyal na Google Forms link na ibibigay ng Komite sa Pag-oorganisa.
- Ang huling araw ng pagsusumite ng lahat ng lahok ay Agosto 31, 2026, ganap na ika-11:00 ng gabi.
- Hindi tatanggapin ang mga lahok na isusumite lampas sa itinakdang oras.
- Kailangang ibigay ng bawat kalahok ang kinakailangang impormasyon at i-upload ang kaukulang lahok o materyal sa Google Forms.
- May karapatan ang Komite sa Pag-oorganisa na beripikahin ang orihinalidad at pagsunod sa mga itinakdang tuntunin ng lahat ng isinuniteng lahok.

V. Paghuhusga at Pagsusuri

- Ang mga hurado ay bubuuin ng mga inimbitahang indibidwal at/o mga guro na may sapat na kaalaman upang suriin ang bawat kategorya ng paligsahan.
- Susuriin ng mga hurado ang lahat ng lahok batay sa itinakdang pamantayan sa paghusga.
- Ang desisyon ng Lupon ng mga Hurado ay pinal at hindi na mababago.
- Ang mga magwawagi ay iaanunsyo sa panahon ng pangwakas na programa o sa pamamagitan ng opisyal na anunsyo ng Komite sa Pag-oorganisa.

VI. Prizes

A. PAGESULAT NG SANAYSAY

Unang Gantimpala	Php 300.00
Ikalawang Gantimpala	Php 200.00
Ikatlong Gantimpala	Php 100.00

B. PAGESULAT NG TULA

Unang Gantimpala	Php 300.00
Ikalawang Gantimpala	Php 200.00
Ikatlong Gantimpala	Php 100.00

C. PAGESALAYSAY NG KWENTO

Unang Gantimpala	Php 300.00
Ikalawang Gantimpala	Php 200.00
Ikatlong Gantimpala	Php 100.00

- Bukod sa gantimpalang salapi, lahat ng nagwagi ay tatanggap ng sertipiko ng pagkilala.

VII. Mga Parusa

- Ang hindi pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng IRR na ito ay maaaring magresulta sa pagbabawas ng puntos, diskwalipikasyon, o iba pang parusang itatakda ng Komite sa Pag-oorganisa.
- Ang anumang organisasyon na hindi makapagpadala ng kinakailangang minimum na dalawang (2) kinatawan sa bawat kategorya ng paligsahan, nang walang balido at aprubadong dahilan, ay pagmumultahin ng Php 1,000.00 bawat kategorya.
- Ang mga kalahok na sangkot sa hindi angkop, kawalang-galang, o hindi patas na pag-uugali ay maaaring madiskwalipika sa paligsahan.



- Ang desisyon ng Komite sa Pag-oorganisa hinggil sa mga parusa ay pinal at may bisa.

VIII. Panghuling Probisyon

- Inaasahang mahigpit na susundin ng lahat ng kalahok na organisasyon at kalahok ang mga tuntunin at alituntuning nakasaad sa IRR na ito.
- Anumang usaping hindi saklaw ng mga tuntuning ito ay pagpapasyahan ng Komite sa Pag-oorganisa.
- Sa paglahok sa Buwan ng Wika: Wika sa Bawat Likha, sumasang-ayon ang lahat ng kalahok na organisasyon at kalahok na sundin ang lahat ng probisyon ng IRR na ito.

Prepared by:

TRACY FATIMA D. GAOIRAN

Executive Secretary

Attested True and Correct:

MARK ANTHONY M. RACPAN

President

Noted by:

HADJIE P. ARGEL

Adviser

SHERYLL MAY P. BRIONES

Co-Adviser

Approved by:

PRINCESS PEARLY I. PEDRO

Student Affairs and Services Coordinator

EMIL JAMES P. TANAGON

OIC-Dean